# BACKGROUNDER 7

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

## Paghahanda ng B.C. para sa isang mas berdeng pagbawi

Ang Badyet 2021 ay nagtatayo sa pag-unlad na ginawa ng pamahalaan sa paggawa ng isang mas malinis, mas malakas na ekonomiya para sa lahat sa pamamagitan ng Malinis na BC (CleanBC) sa pamamagitan ng pamumuhunan ng isang karagdagang $506 milyon upang bawasan ang mga emisyon at paggawa ng mga bagong oportunidad at itaguyod ang pagiging abot-kaya. Ang mga pamumuhunang ito sa isang mababang-karbon na ekonomiya at mga pagbabawas ng emisyon ay mahalaga sa pagpoposisyon ng B.C. para sa isang malakas na pagbawi.

Kasama ang isang hanay ng mga kasosyo, ang pamahalaan ay naglatag ng pundasyon para sa isang mas mabuting hinaharap sa pamamagitan ng pagtugon sa paghamon ng pagbabago sa klima, pagpoprotekta sa mga komunidad, pagpapalawak sa ekonomiya ng B.C. at paglikha ng mga bagong trabaho at mga oportunidad para sa mga tao sa paligid ng lalawigan.

Ang lalawigan ay nagkaroon ng isang dramatikong pagtaas sa mga pagbebenta ng bagong de-koryenteng magaang na tungkuling sasakyan, ang pinakamataas na antas sa North America. Ang sero sa emisyon na sektor ng sasakyan ng B.C. ay nag-aambag ng humigit-kumulang $600 milyon sa ekonomiya ng lalawigan. Ang mga diskuwento ng Malinis na BC (CleanBC) at mababang pagpipinansiya ng interes ay ginagawang mas abot-kaya ang mga pagpapabuti ng gusali na nakakatipid ng enerhiya, at nakikipagtulungan ang pamahalaan sa industriya upang mabawasan ang mga emisyon gamit ang mas malinis na teknolohiya at dagdagan ang kahusayan ng enerhiya sa pamamagitan ng Programang Malinis na BC (CleanBC) para sa Industriya.

Sa pamamagitan ng Mas Malakas na BC (StrongerBC), ang pamahalaan ay namuhunan ng $190 milyon upang suportahan ang mga trabaho at isang mas matatag na pagbawi ng ekonomiya. Ito ay makakatulong na magbawas ng mga emisyon sa transportasyon, suportahan ang pagbabago sa mababang karbon, ibalik at protektahan ang mga tubig-saluran at tirahan at harapin ang pagbabago sa klima habang naghahanda para sa mga epekto nito.

Ang mga pamumuhunan ng Badyet 2021 ay dinadala ang kabuuang pagpopondo para sa Malinis na BC (Clean BC) sa halos $2.2 bilyon sa loob ng limang taon.

### Mas malinis na transportasyon

Ang Lalawigan ay patuloy na namumuhunan sa paglipat sa mas malinis na transportasyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga de-koryenteng kotse na mas abot-kaya, pamumuhunan sa mga charging station at paglipat sa mga nababagong gasolina. Ang Badyet 2021 ay nagsasama ng $130 milyon para sa mga insentibo sa serong emisyon na sasakyan, mga de-koryenteng charging station, pagpapaunlad ng teknolohiya at elektripikasyon ng mga bus na pampaaralan, mga lantsang pantawid at mga armada ng pamahalaan. Kabilang dito ang:

- $94 milyon sa mga diskuwento ng Go Electric na programa para sa pagbili ng mga sasakyan na sero sa emisyon, mga charging station at pagsuporta sa pagkokomersiyal ng mga mabigat na tungkuling sasakyan.
- $18 milyon para sa imprastruktura ng aktibong transportasyon tulad ng mga daanan ng bisikleta, mga bangketa at maraming gamit na mga landas.
- Isang iksemsyon sa PST sa mga de-koryenteng mga bisikleta upang maghikayat ng mas aktibong transportasyon na makatitipid sa mga British Columbian ng tinayang $7 milyon taun-taon.
- $ 10 milyon upang karagdagang bumuo ng patakaran sa pagbawas ng intensidad ng karbon ng gasolina at pagbubuo ng hydrogen na ekonomiya sa B.C.

## Mas mahusay na mga gusali, mas malakas na mga komunidad

Sinusuportahan ng Badyet 2021 ang mas malinis, mas malakas na mga komunidad sa pamamagitan ng dinagdagang pagpopondo para sa kahusayan ng enerhiya sa mga gusali, pagpaplano ng lungsod at pagbabawas ng paggamit sa gasolina sa malayo at Katutubong mga komunidad. Kabilang dito ang:

- $46 na milyon sa matipid sa enerhiyang mga gusali at komunidad, na kinabibilangan ng $34 na milyon upang bawasan ang pagkonsumo ng diesel para sa paggawa ng kuryente sa mga malayong komunidad.
- $12 milyon para sa mga pag-upgrade ng kahusayan ng enerhiya sa mga paaralan sa ilalim ng Carbon Neutral Capital na Programa.
- $11 milyon upang bumuo at magpondo ng isang bagong programa upang tulungan ang mga lokal na pamahalaan na magplano para sa masinsin, mahusay sa enerhiyang mga komunidad.

Ang Lalawigan ay nananatili ding nakatuon sa pagbubuo ng isang balangkas ng malinis na enerhiya ng tinasang pag-aari upang matulungan ang mga may-ari ng bahay at mga may-ari ng gusali na tustusan ang mga mahusay sa enerhiyang pagpapahusay na nagbabawas ng mga gastos at mga emisyon.

## Nakikipagtulungan sa industriya at cleantech

Ang Lalawigan ay nagpapatuloy na makipagsosyo sa industriya sa pamamagitan ng pagbibigay ng $96 na milyon sa bagong pagpopondo para sa Programang Malinis na BC (CleanBC Program) para sa industriya upang mabawasan ang mga emisyon, palawakin ang sektor ng malinis na teknolohiya at suportahan ang pandaigdigang kakayahang makipagkumpitensya. Ang tatlong-taong paglalaan ay hanggang sa $519 milyon at umaayon sa mga nakaplanong pagtaas sa buwis ng karbon. Ang Badyet 2021 ay nagbibigay din ng:

- $60 milyon upang suportahan ang Sentro ng Pagbabago at Malinis na Enerhiya at para sa mga pamumuhunan sa malinis na teknolohiya (cleantech) upang palawakin ang mga oportunidad sa pakikipagsosyo sa pamahalaang pederal. Susuportahan ng sentro ang pagpapaunlad at pagkokomersiyal ng malinis na teknolohiya sa B.C. - na lumilikha ng mga magagandang trabaho at nagpapabilis sa pagpapaunlad ng teknolohiya upang makatulong sa paglipat sa isang mababang karbon na hinaharap.
- Karagdagang pagpopondo na $4 na milyon para sa Sekretariat ng Aksyon sa Pagbabago ng Klima upang palakasin ang pang-analitikong kakayahan upang bumuo ng mga hakbang na aksyon sa klima na sumusuporta sa malinis, inklusibong paglago ng ekonomiya.
- Patuloy na pagpopondo na $519 milyon sa plano ng pananalapi sa pamamagitan ng Programa ng Malinis na BC (CleanBC Program) para sa Industriya na tulungan ang industriya, kabilang ang mga operasyon sa kagubatan at pagmimina, na makalipat sa teknolohiyang mababa ang karbon.

## Pag-aangkop at pagiging handa sa Klima

Ang Lalawigan ay nagpapatuloy ding mamuhunan sa mga inisyatiba upang suportahan ang pagiging handa at pag-aangkop sa klima. Ang Badyet 2021 ay nagbibigay ng $6 na milyon upang suportahan ang pagpaplano at pagkilos bilang ang unang yugto ng Estratehiya sa Pagiging Handa at Pag-aangkop sa Klima ng B.C. (B.C.'s Climate Preparedness and Adaptation Strategy) upang mas mahusay na tumugon sa panganib sa klima at mabawasan ang mga epekto.

**Kontak:**
Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect